JUSTICES OF THE PEACE (MGA HUSTISYA NG KAPAYAPAAN)

NAGBIBIGAY NG LIBRENG SERBISYO SA KOMUNIDAD

Ang Justice of the Peace ay maaaring:

* Patunayan ang mga kopya ng dokumento, kabilang ang mga nakapaloob na komunikasyon sa cellphone at impormasyon na nakalarawan sa kompyuter

* Saksihan ang pag-lagda ng dokumento

* Pangasiwaan ang panunumpa, deklarasyon, at sinumpaang salaysay (apidabit)

* Kumpirmahin o Patunayan ang pagkakakilanlan ng pagkatao.

Sa karagdagang pagsasanay (o pag-aaral), maaari rin silang Mamuno sa Distrito ng Hukuman (Korte ng Distrito) at mag-isyu ng mandamyento (warrants).

Paano at saan matatagpuan ang Justices of the Peace

Merong mga Justices sa buong New Zealand, mula sa malayong hilaga, hanggang sa Stewart at Chatham Islands.

Upang makahanap ng isa sa malapit sa inyo:

* Magsaliksik o tingnan sa justicesofthepeace.org.nz at piliin ang "Find a JP". Limitahan ang pagsiyasat at paghahanap sa pamamagitan ng siyudad, pook at numero ng koreo o kaya ang pangalan o apelyido. Mahahanap mo rin sila sa listahan ng "Service Desks" sa inyong lugar at iba't ibang dako (walang kinakailangang pagtataan o appointment). Ang Justices of the Peace ay mapupuntahan din sa "Citizen Advice Bureau," lugar ng pamilihan, Silid ng Aklatan at Hukumang Pang-Distrito (Korte ng Distrito).

* Tingnan sa "Yellow Pages" sa pahina ang "Justices of the Peace." Ang listahan na ito ay pinag-sunodsunod sa pamamagitan ng lokasyon para mapadali ang paghahanap ng "Justice of the Peace" na malapit sa inyo. Ang impormasyon na ito ay matatagpuan din sa yellow.co.nz